
# KAMLONG




Magpunla ng buto ng talong (*rootstock*)

**5-7** na araw

Magpunla ng buto ng kamatis (*scion*); Ilipat ang punla ng talong sa plastik na paso




**15-18** na araw para sa kamatis at **18** na araw sa talong



Idugsong ang kamatis sa talong gamit ang *tube grafting method*

Ilagay sa *humidity chamber* upang maghilom ang dugsong o *union*




**4-5** na araw



Ilagay sa *recovery chamber*

**2** na araw

Ilagay sa *nursery* sa loob ng **7-10** na araw upang tumibay ang halaman bago itanim



**TANDAAN**

- Ang buong proseso ng pagdudugsong ay inaabot ng **42 araw** bago maitanim sa bukid.
- Ang dugsong na halaman ay tumatagal ng **70 araw** sa bukid.


Inihanda nina:
Michelle E. Javier / Agriculturist II
Brian Joseph S. Zulueta / Agriculturist II
Ma. Krizelle Anne M. Manigbas / Project Assistant II
Jeanne Paula T. Sumangil / Information Officer

Iginuhit ni :
Jeanne Paula T. Sumangil/ Information Officer

Base sa gawa ni:
Niña R. Rosales / Agriculturist II



Mula sa Proyektong pinondohan ng
Department of Agriculture
Bureau of Agricultural Research:

Promotion and Commercialization of Grafting Technology for Selected Fruit-Vegetables (Tomato, Sweet Pepper, and Bitter Gourd)


Para sa karagdagang impormasyon, tumawag o sumulat sa:


**THE CENTER CHIEF**
BUREAU OF PLANT INDUSTRY
Los Baños National Crop Research, Development and Production Support Center
4030 Timugan, Los Baños, Laguna

Telefax: (049) 536-0285
(049) 536-0285, 536-0104
bpi_lbncrdc@yahoo.com.ph
Bureau of Plant Industry - Los Baños Center



DEPARTMENT OF AGRICULTURE
**BUREAU OF PLANT INDUSTRY**
**Los Baños National Crop Research, Development and Production Support Center**




# PAGDURUGSONG NG KAMLONG

# KAMLONG


- Ito ay dugsong na halaman ng kamatis (bilang *scion)* at talong (bilang *rootstock*)
- Ito ay *resistant* laban sa *bacterial wilt*, isa sa mga sakit ng mga *solanaceous crops*, gaya ng kamatis, talong at sili, na nagdudulot ng malaking pinsala sa taniman dahil nakamamatay ito ng halaman
- Ang *bacterial wilt* ay dulot ng *bacterium* na *Ralstonia solanacearum* na natural na naninirahan sa lupa
- Ito ay mas matibay sa ulan at binabahang kondisyon ng lupa
- Mas matagal rin ang buhay nito kumpara sa normal na halaman na kamatis

**Mga ginagamit na *varieties:***

**Kamatis:** Uring gusto ng magtatanim
**Talong:** EP-RS # 1 (EG-203), EP-RS # 2 (S00019), EP-RS # 3 (S000708)

## Pamamaraan ng Pagdurugsong:


**1.** Putulin ng 30˚ *angle* ang talong sa ibabaw ng dalawang pinakamababang tumutubong dahon o sa bahaging aakma sa sukat ng *rubber tube.*




**2.** Putulin ng 30˚ *angle* ang kamatis sa itaas ng pinakamababang tumutubong dahon o sa bahaging aakma sa sukat ng *rubber tube*.





**3.** Isuot ang kamatis sa *rubber tube*. Siguraduhing kalahati lamang ng *rubber tube* ang sinasakop ng kamatis.



**4.** Isuot ang *rubber tube* na may suloy ng kamatis sa putol na bahagi ng talong. Siguraduhing akma ang putol ng kamatis sa putol ng talong. Gawing gabay ang hugis ng *rubber tube*.



**5.** Siguraduhing nakadugtong ang kamatis sa talong. Obserbahang mabuti kung ang dugtong na halaman ay nakatayo ng tuwid.



### TANDAAN

- Ang ginagamit na *rootstock* ay *wild variety* na *open-pollinated* at may taglay na hindi masarap na lasa kumpara sa ibang *varieties*. Ito ay napatunayang *resistant* laban sa *bacterial wilt.*
- Siguraduhing malinis ang mga kamay at mga gamit, gaya ng *blade* at gunting, bago simulan ang pagdurugsong.